**Presidential Communications Operations Office**

**Presidential News Desk**

**TALK TO THE PEOPLE OF**

**PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE (PART II)**

[06 October 2021]

**DILG SECRETARY EDUARDO AÑO:** Magandang gabi po, Mr. President; Executive Secretary Salvador Medialdea; Senator Bong Go; fellow public servants; mga kababayan, magandang gabi po.

*[Please run the slide.]*

Ang una ko pong iuulat ay ang ayuda natin sa Bataan. Kung matatandaan po natin ay tapos na ang NCR at kahapon din po ay natapos na ang Laguna. So Bataan na lamang po ang ating natitira at ang nakita po natin ay 98.31 percent na po, so 686,465 po ang ating recipients na nakatanggap ng ayuda.

*[Next slide, please. Next slide.]*

So dito po makikita natin ay anim na LGU na po or municipalities ang nakatapos at pipilitin po natin na matapos ito sa buong linggong ito.

*[Next slide.]*

Sa dalawang araw po na dumaan ay ito po 'yung ating operations against illegal drugs: a total of 101; at mayroon po tayong naaresto na 133; at sa loob po ng dalawang araw ay 17 million pesos worth of shabu and marijuana ang ating nakumpiska.

*[Next slide.]*

Ito rin po sa loob ng dalawang araw ay --- ito po 'yung record ng ating mga violations ng community health protocols. Mababa pa ito kasi dalawang araw pa lamang po ang dumaan at patuloy po natin ipatutupad ang mahigpit na implementation ng minimum public health standards.

*[Next slides.]*

Dito naman po sa ating implementation ng more aggressive PDITR plus vaccination strategy, makikita po natin dito na nakapagpapasagawa tayo ng mabilisang contact tracing. Ngayon po ay mayroon tayong 134,700 contact tracers at nai-deploy na 38,723 barangay health emergency response teams. Maganda na po ang ating ginagawa sa contact tracing, 94 percent po ng cases ay nate-trace natin within 24 hours, at 91 percent po ng mga positive ay naa-isolate naman natin sa loob ng 24 hours.

Sa ngayon po ay mayroon tayong 283,711 medical personnel at 68,107 support staff ng mga LGUs ang naka-deploy para po sa pagbabakuna.

*[Next slide.]*

Sa atin naman pong implementasyon ng National Vaccination Program, ayon po sa ating mga LGUs, ang total po ng ating mga population po na eligible at identified na nasa mga priority groups ay 48,788,021 Filipinos.

*[Next slide.]*

Ito naman po ang ating status ng vaccination po sa ating mga uniformed services. Sa PNP, ang naka-second dose or fully vaccinated na ay 64 percent, total of 144,064 policemen; sa atin naman pong Bureau of Fire ay mayroon naman tayong 65.96 percent, total of 21,604; at sa BJMP naman ay 73.16 percent, total of 13,755 BJMP personnel.

*[Next slide.]*

Sa atin naman pong pag --- sa atin naman pong pagpapalakas ng ating imprastrukturang pangkomunikasyon at ayon sa inyong utos ay mayroon na po tayong 3,669 na mga na-approve at na-prosesong application para sa mga towers ng telecommunication sector na na-process po ng ating 492 LGUs. Ang natitira po ngayong pending application ay 860 na mga towers po na pipilin na --- pipilitin nating ma-approve kaagad para makatulong po ang mga infrastructure towers na ito sa ating komunikasyon lalong-lalo na po na ang ating mga mag-aaral ay gumagamit ng --- ginagamit ang sinasabi nating online education.

Iyan lamang po ang maiuulat kong update, Mr. President. Maraming salamat po.

**PRESIDENT DUTERTE:** Thank you. Thank you, Secretary Año. Secretary Roque?

**PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE:** Yes, Mayor, magandang gabi po. Magandang gabi po kay Senator Bong Go; at kay Executive Secretary; at sa lahat ng ating mga kasama sa Gabinete.

Maliit lang po ang aking report. Unang-una po, mukhang luma pa po ito, huwag na muna 'yang padala, mayroon kasi akong bago na pinadala. Sagutin ko po muna 'yung sinasabi… Mayroon po akong bagong ipinadalang PowerPoint na mayroong quotation po from the case of Neri v. Executive Secretary.

Gusto ko po munang sagutin 'yung kritisismo ng ilang mga senador at ng Philippine Bar Association na 'yung memorandum po na inisyu niyo po daw na nagsasabi na hindi na dapat um-appear ang mga miyembro ng Gabinete dahil ito po'y sagabal sa kanilang trabaho dito po sa giyera natin laban sa COVID-19 ay unconstitutional. Unang-una po siguro, eh ang tanging makapagsasabi lang po na unconstitutional 'yan ay Korte Suprema at iyan naman po ay katungkulan ng Korte Suprema.

At sa ating batas po, lahat po ng ginagawa ng mga iba't ibang sangay ng gobyerno enjoys the presumption of regularity. Sapagkat pupuwede po nilang pulaan 'yan, it is still presumed legal, constitutional, unless the Supreme Court has declared it to be so.

Pero ang aking paninindigan po, 'pag nakaabot po sa Korte Suprema itong memorandum niyo po, will pass the test of constitutionality. Bakit po? Unang-una, hindi po natin hinihingi sa Senado na itigil ang imbestigasyon. Malinaw po ang sabi ninyo, you can investigate Pharmally all you want. Ang ayaw niyo lang po ay sa panahon ng pandemya, 'yung mga pinakaimportanteng mga miyembro ng Gabinete na may katungkulan laban dito sa COVID-19: ang Secretary of Health, ang Vaccine Czar, ang Testing Czar eh nauubos ang panahon doon sa imbestigasyon. So hindi po natin ipinagkakait sa legislative branch of government ang kapangyarihan na magsagawa ng kanilang investigations in aid of legislation.

Pero ang pangalawang punto po, alam niyo po doon sa kaso ng Neri eh nagkaroon po ng distinction ang Korte Suprema sa dalawang klase ng imbestigasyon ng Senado at ang sabi ng Korte Suprema, kung ang imbestigasyon ay in aid of its oversight function na siguraduhin na ang taong-bayan ay nagagasta nang tama, hindi po pupuwedeng pilitin ang mga kahit sino na um-appear dahil ito po ay mere invitation.

It is only when an investigation is in aid of legislation na ang sabi ng Korte Suprema, diyan pupuwedeng kayong mag-issue ng mga subpoenas and summons to compel compulsory attendance.

Pero ang tanong, kapag ang mga Gabinete, dahil sila po ay alter ego ng presidente, ay pinagbawalan na ng kanilang presidente na dumalo, ang tanong po ay pupuwede pang ma-cite in contempt ng Senado ang ating mga Gabinete? Sinagot na po 'yan ng ating Korte Suprema. Ito po ay sa kaso ng Neri v. Senate Blue Ribbon Committee.

At kung papayagan niyo po, nais ko lang pong basahin mismo kung anong sinabi ng Korte Suprema sa puntong ito, sa isyu na kapag pinagbawalan ng presidente ang kanyang mga kalihim, pupuwede bang i-cite in contempt ang mga miyembro ng Gabinete?

Ito po ang sabi ng ating Korte Suprema. "As we have stressed before, petitioner is not an unwilling witness, and contrary to the assertion of respondent Committees, petitioner did not assume that they no longer had any other questions for him. He repeatedly manifested his willingness to attend subsequent hearings and respond to new matters. His only request was that he be furnished a copy of the new questions in advance to him to enable him to adequately prepare as a resource person. He did not attend the November 20, 2007 hearing because Executive Secretary Ermita requested respondent Committees to dispense with his testimony on the ground of executive privilege. Note that petitioner is an executive official under the direct control and supervision of the Chief Executive. Why punish petitioner for contempt when he was merely directed by his superior?”

Kaya ito pong desisyon ng Korte Suprema ay malinaw pa sa sikat ng araw na kung nagkaroon po ng pag-utos ang Presidente sa kanyang mga alter egos sa mga miyembro ng Gabinete, at hindi na po dumalo sa paghi-hearing ng Senado, hindi po sila pupuwedeng mai-cite in contempt dahil obligasyon po ng mga miyembro ng Gabinete na sumunod sa utos ng kanilang presidente. At kung sila po ay isa-cite in contempt, iyan naman po will also violate the equality between the three branches of government.

Ang solusyon po ay ginagawa po ng Senado ngayon. Ipinagpapatuloy po nila ang imbestigasyon at gaya nang sinabi niyo nga, kung gusto ninyong ipagpatuloy, ipagpatuloy niyo.

Pero iyong slide before this, babasahin ko lang din po iyong distinction between oversight function at saka in aid of legislation. Tignan niyo po ito ha. Kapag it is oversight function gaya ng parang gustong gawin ngayon ni

Senator Gordon na siguraduhin na walang korupsiyon, hindi po mandatory ang attendance.

In fact, ang sabi po dito, doon po sa Question Hour, kung ang objective is to obtain information in pursuit of oversight function, kita niyo po ito, ang sinasabi ng Kongreso is iyan po oh: "…in keeping with the separation of power, states that Congress may only request their appearance." Pero kapag ang inquiry po ay in aid of legislation, then appearance is mandatory.

So ang tanong po matapos ang doseng paghi-hearing ng Senado, is it really in aid of legislation? At sa tingin ko naman po, matapos ang doseng hearing, kung anong kinakailangan nilang malaman para doon sa batas na gusto nilang buuin at gawing batas ay dapat po malinaw na sa kanila by now.

So iyan lang po ang aking nais siguro pong i-report ngayon. Hindi ko na po gagamitin iyong iba kong report dahil late na po ngayon 'no. Pero I would like to assure our countrymen na unang-una, beyond the presumption of regularity and presumption of constitutionalities, especially when it pertains to the acts of the Philippine President, jurisprudence has recognized that the President absolutely exercises direct control and supervision over members of his Cabinet and may disallow them from attending hearings of the Senate or Congress.

Iyon lang po. Magandang gabi po, Mayor,

**PRESIDENT DUTERTE:** Thank you, Secretary Roque. I'd like to ask the --- I'd like to beg the indulgence of the panels that we will just dispense with your statements for tonight because we are going to show something. I think it's visual.

*[plays video]*

Before we end, I'd like just to give some statements on the following subject matter on the memorandum order --- Executive Order for officials not to attend the Senate Blue Ribbon Committee hearing, which is being criticized as unconstitutional by everybody, including the Blue Ribbon Committee.

On October 04, I have directed the Executive Secretary to issue a memorandum directing all officials and employees of the Executive department to no longer appear before or attend the Senate Blue Ribbon Committee hearings effective immediately.

I have issued such an order to allow government workers to focus on addressing the pandemic in view of Article 2 Section 15 of the 1987 Constitution mandating the state to protect and promote the right to health of the people.

After nearly 2 months and 12 sessions with no hearings still going on, and I quote Senator Gordon "till kingdom come" with no new issues being raised, no clear indications as to what legislation is being made or tackled.

Government officials have also answered the questions of the Senate Blue Ribbon Committee hearing throughout all the hearings sufficiently, consistently, and repeatedly. But now they are simply made to attend, oftentimes appearing for hours without being questioned.

Doon ako na pumalag sa inyo. Klarong-klaro na sinasabotahe lang ninyo ang gobyerno natin. The Senate Blue Ribbon Committee hearing have always devolved in --- have clearly devolved into a political circus, a witch-hunt, which has being used by some senators in aid of their election.

The Executive department always cooperate with the Senate but this present hearing and the way that it is being conducted is just too much to bear and tolerate. We will no longer dance to their tune and rather focus on the pandemic response and the National Vaccination Program.

On the alleged --- itong may isang comedian dito. On the alleged expired test kits raised by Senator Pangilinan. Senator Pangilinan is overly engrossed over the test kits expiration that is borderline farcical.

After two months and 12 hearings, paulit-ulit pa rin ang tanong kahit paulit-ulit na rin ang sinasagot ng DOH. Pero dahil hindi pumasok sa script nila, ayaw nilang makinig at ayaw tanggapin. This is the reason why I do not want government workers to attend these hearings anymore. They are just wasting their time and these senators will not even listen to their explanation and answers. They could have used this time to do their actual work of saving Filipino people.

Now I am asking Secretary Duque to again explain mayroon ba tayong tinanggap na expired test kits o wala? Nag-deliver ba ng expired test kits o hindi? Na-deliver ba? Simple lang ang tanong at simple lang ang sagot. Pero itong mga senador mga bingi at bulag.

I’d like Secretary Duque to confirm that they are really… Alam mo itong bulag-bulagan pati itong bingi-bingihan, in the end, nagkakatotoo ‘yan eh. If

you do that everyday of your work in Congress, talagang ganoon ang mangyari. Not really perhaps in the --- *[How would you call it?]* --- the external manifestation of the head but it could generate maybe in the beginning within the brain.

Secretary Duque, paki-educa --- educate them. Eh medyo kailangan ng leksiyon itong --- lecture itong mga senador. Pakibigay nga.

**DOH SECRETARY FRANCISCO DUQUE III:** Yes, sir. Ah, Mr. President, doon po sa tanong kung mayroon ba tayong tinanggap na expired test kits o wala, ang sagot po rito, wala. Iyon pong test kits mayroon po silang expiration period of six months. At ito po, mayroon po kaming mga litrato na pinadala sa Senate Blue Ribbon Committee na 'yung mismong lalagyan nung mga test kits nakalagay po doon ang production date May at mag-e-expire ng June --- ah no, no, mag-e-expire ng November. So that is May --- May, June, July, August, September, October, November, so six months ho.

Iyon po kasing tinatanong nila, ni --- nung mga senador na bakit hindi 12 to 24 months ang kinuha namin na expiry period nung mga test kits? Eh hindi naman --- iyon po talaga naman kami ang nagsabi ito 'yung standard, we will only get mga test kits with an expiry period from 12 to 24 months. Kami ho nagbigay ng standard na 'yun. Prior to the pandemic, ganoon po 'yung standard na ginagamit natin to procure tests.

However, we --- it has been reported to us na dahil bago po itong virus ng COVID-19, it was a novel coronavirus, iyon pong tests nila wala pong --- iyong mga manufacturing companies, iyong gumagawa ng mga test kits, wala po silang sufficient na stability data or performance data to show that it can last beyond six months.

So ang sabi nila hanggang six months lang muna ito dahil bago. Hindi naman ito parang lumang test kit na dati na na mayroong stability data and mayroong performance data that it is effective between 12 to 24 months. Eh iyon nga, sir, bago ito, bago 'yung virus bago din 'yung test kits, sabi nila, ang sabi nung mga manufacturing companies hanggang six months lang ito and then we will just see. Eh ngayon nga lumalabas parang hanggang eight months na.

So habang tumatagal na ginagamit 'yung test at nagkakaroon ng sufficient data on their stability and their performance, at saka lang ho unti-unting ini-extend nila 'yung expiry period.

So wala ho tayong tinanggap na nag-expire. Mayroon po tayong natanggap na kakaunti naman, 117 test kits, na mayroon pong expiry period na two months. Tinanggap po ng PS-DBM, tinanggap din naman po ng DOH. Bakit po namin tinanggap kahit na two months na lang ang natitira sa kanyang expiration period? Kasi po at that time, napakataas ng demand for testing, ang supply napakababa, Mr. President.

So that ito pong 117 test kits equivalent to 23,400 tests ay nagamit po ito ng apat na laboratories beyond --- not reaching the end of its expiry period. So gamit po lahat ito. So again, the answer to the question kung mayroon po tayong tinanggap na expired test kits? Wala po, Mr. President.

**PRESIDENT DUTERTE:** Sana nakinig si --- sinong pangalan nitong --- si Pangilinan? Koki o Kiko? Pareho tayo, we are... I'm also very much exhausted in trying to explain to them na kung ano ang mga procedural constraints.

Hindi naman doon sa bisa because I do not have that talent. Again, I ask the risk of sou --- the risk of sounding like a broken record, I now repeat my call and challenge to the Senate Blue Ribbon Committee: kung mayroon kayong ebidensiya, mag-file na kayo ng kaso. That is how simple it is and that is how simple it should be.

Allow the Ombudsman, the proper agencies and the courts to investigate, prosecute, and find guilt, if there is any. The House of Representatives Blue Ribbon Committee has already concluded its hearing and is now preparing its report because it is conducting investigation in a more neutral and civil manner and without the necessary politicking.

I cannot say the same with the present Senate Blue Ribbon Committee whose investigations are not really achieving anything nor going anywhere. It is clear, according to COA, that there is no overpriced, no ghost deliveries, and no corruption. We follow the procedures according to the law and that you yourselves have passed. We did it quickly as mandated and we only paid when the goods were delivered.

Crumple those corporations that you are so intent on destroying for all I care. As for government, we have already said and done our part. Magtatrabaho lang kami.

And anyway, Gordon, may sabihin lang ako sa iyo. Iyong ano lang ang pagkatotoo sa pagkatao mo at pagkatao ko.

Alam mo, Gordon, wala akong Presidente. Wala akong lahat, suweldo ko lang. Wala akong mga tip purse kagaya ninyo. Makita namin sa Committee on Accounts, wala akong pareho sa iyo na nakuha.

At pinuna mo na 'yung pagpunta ko sa tindahan. Magpunta ko sa tindahan kasi may gusto akong makipagkita ng isang tao, girlfriend ko noon. Hiwalay na kami. Pero --- gusto ko lang mamasyal, pumasok kami doon sa jewelry stores. Totoo 'yun, totoo 'yung magtingin ako ng mga relo. Sino bang ayaw ng relo kung magaganda?

Ang problema lang, kung may pera ka, kagaya sa iyo 86 million, ilang relo rin mabili mo. Kaya nahahalata ko, napupuna ko kasi ako mahilig sa --- itong mga ganito lang, mga Casio. Pero every time magkikita tayo, the last time you were wearing a Rolex parang gold. Hindi ako nagnakaw ng relo. Pumunta ako ng tindahan. Kayo ang nagnakaw sa gobyerno ng 86 million.

Ngayon ayaw mo pang bayaran. Bayaran mo 'yan baka pagdating ang panahon talagang… Hindi ka na manalo eh. So wala ka ng protection. Sabi ko sa'yo kakampanya ako laban sa iyo. Eh magnanakaw ka eh. Isang issue ko lang sa iyo, 86 million na nanakaw mo. Eh kasi kung sabihin mo na wala sa iyo eh 'di nasaan? Eh 'di ninakaw mo. What did you --- what happened to the money? Bakit dinikit mo doon sa Red Cross?

Ngayon ayaw --- sinabi ng COA nagkaso kayo baka dumating ng en banc 'yan, en banc. Tapos dumating kayo ng Supreme Court, talo ka. Tapos sinabi ng Supreme Court bayaran mo. And that order of the Supreme Court is final and executory. Bakit hindi mo bayaran? Bayaran mo 'yan kasi ninakaw mo.

Ngayon, huwag mo kaming punahin na magpasok kami ng ano. Ano sa iyo 'yun? Magbili ako ng Rolex kagaya ng suot mo. Would it erase your criminal liability of mal --- malversing the 86 million? Kung sakali gusto ko bumili talaga, pipilitin ko, I have to get it from the savings, my savings. Pero hindi naman --- kaya ko naman siguro maabot 'yan, 'yang relo na sinusuot mo.

Ang problema Gordon, bayaran mo, kasi kinakailangan ng gobyerno dahil magbili pa tayo ng maraming bakuna. Alam mo 'yan. Kulang ang pera natin at naipon natin, but we have 110 million souls to worry about. So pakiusap

ko lang sa iyo, bayaran mo. Tapos na ang --- tapos na ako sa iyo ‘pag nabayaran mo.

‘Pag hindi, hahabulin kita hanggang saan. Retired naman ako, matatalo ka man, hahabulin kita. Now, ‘pag inabot kita, sapakin ko ‘yung ulo mo, bakit tinakbo mo ‘yung pera ng gobyerno? Hindi mo naman kaya makipag-ano sa akin. Iyang katawan mo? Eh isang wallop lang ‘yan. Huwag ka nga ‘yang mayabang diyan. T*** i***** Gordon na ‘to. Bayaran mo.

Mga kababayan ko, itong si Gordon, saan man ito mapunta sa kampanya, bago siya magsalita, magsigaw kayo, *“Bayaran mo! Bayaran mo!”* Kasi talaga… At saka ako, tanungin niya ako, *“Sino ang pinuntahan mo? Sabi mo girlfriend mo.”* Ang sagot ko, *“Wala kayong pakialam at huwag na kayong magtanong kay may asawa na ako.”* ‘Di ba?

Na-girlfriend ko ‘yan congressman ako. Kasi pagkatapos diyan sa Congress magdaan, magtingin-tingin, ‘yun nakilala ko. So may girlfriend talaga ako. Bakit ko bolahin? Pero alam ng asawa ko. Wala --- wala akong tinatago. Doon sa isang tindahan rin nung harap ng --- t*** i***** hotel na ito, Dusit, mayroon rin ako doon, kasintahan ko rin. Kasi minsan isang ikot lang ‘yan eh, pero hello, goodbye kasi ako may asawa na at takot ako sa mga anak ko.

May anak ako isang babae na kasing --- kasing ano ng kapatid rin niya. T******. Surrender na ako. Sa ngayon, ‘pag --- ang mga anak kong babae malalaki na, at ako ‘pag inaaway ako, wala --- wala, walang laban. Iyan ang totoo.

Pero kung bisitahin ko lang, diyan banda sa --- dalawa ang ano ko diyan. Eh pasyal-pasyal ka lang pala. Eh kung hindi ka makabili ng mga mamahal, ‘di ‘yung nagbantay na lang sa nagmamahal ang bili --- anuhin mo. ‘Di ba ganoon ‘yan? Eh magbili ka ng mga relo, mag-abot ng mga 800,000, 1 million. Bakit man ako magbili ng ganoon?

Tignan mo lahat, lahat footages, lahat footages ng ano, nang makita mo sa --- makita mo ako mga Casio, ganoon. Kay ‘yan ang gusto ko eh, mga ragged. Kita mo magsuot ako. Gusto kong ganoon. Hindi ako mahilig diyan sa desenteng-desenteng mga Patek-Patek. Corny tingnan. Hindi bagay. Hindi naman tayo milyonaryo.

Iyong mga ganito, to me it’s sporty at bagay sa style ko naka-maong lang. Naka-maong ka tapos naka-Rolex ka, para kang g***. Si Gordon kasi kung hindi naka-barong, naka-Amerikana.

Ito ano lang, Dick, it’s --- you should pronounce your name properly, Dick. Iyong kurbata mo bumili ka na ng medyo malaki para --- ‘yang tiyan mo nahuhulog na doon sa pus-on mo, p***** i** ka.

Salamat, mga kababayan.

**--- END ---**